# Titipunin ang mga tao sa Araw ng Pagbangon bilang mga nakayapak, mga nakahubo, mga di-tuli.

Ayon kay `Ā'ishah, ang Ina ng mga Mananampalataya, malugod si Allah sa kanya: "Titipunin ang mga tao sa Araw ng Pagbangon bilang mga nakayapak, mga nakahubo, mga di-tuli. Nagsabi ako: 'O Sugo ni Allah, ang mga lalaki at ang mga babae magkakasamang nakatingin ang iba sa kanila sa iba pa?' Nagsabi siya: 'O `Ā'ishah, ang pangyayari ay higid na matindi kaysa sa makabahala sa kanila iyon.'" Sa isang sanaysay: "Ang pangyayari ay higit na nakababahala kaysa sa tumingin ang iba sa kanila sa iba pa."

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nagsabi si `Ā'ishah, (r): Narinig ko ang Propeta, (s), na nagsasabi: "Iipunin ni Allah ang mga tao sa Araw ng Pagbangon nang walang sapin sa paa, nang walang kasuutan, na hindi mga natuli. Lalabas sila sa mga puntod nila gaya ng araw na ipinanganak sila ng mga ina nila. Kaya nagsabi si `Ā'ishah, (r): "O Sugo ni Allah, ang mga lalaki at ang mga babae, mga hubad na nakatingin ang iba sa kanila sa iba pa?" Nagsabi siya: "Ang pangyayari ay higit na mabigat at higit na matindi kaysa sa makabahala sa kanila iyon, o kaysa sa tumingin ang iba sa kanila sa iba pa."



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee